
5

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 4: Pagsulat ng Isang Maikling Tula, Talatang Nagsasalaysay at Talambuhay



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI



## *Alamin*



Kumusta? Nasasabik ako at muli tayong nagkita. Alam mo bang may bagong kaalaman na naman tayong matututuhan? Muli ako si Kokoy ang iyong kaibigan na sasama sa iyong paglalakbay. Inaasahan ko na sa pagtatapos ng ating paglalakbay ay magagawa mo ang mga sumusunod:

a. Nalalaman mo ang mga elemento ng tula, bahagi ng talatang nagsasalaysay at nilalaman ng talambuhay;

b. Nakasusulat ka ng maikling tula, talatang nagsasalaysay, at talambuhay; at

c. Napapahalagahan ang pagsulat ng maikling tula, talatang nagsasalaysay at talambuhay nang may wastong baybay at bantas.

Tiyak kong patuloy mong isasagawa ng taos sa puso ang mga gawaing nakapaloob dito, bakit?, dahil batid kong magaling ka at walang inuurungang hamon kaya, *taralets* na!



## *Subukin*



***"Ako'y tutula mahabang-mahaba, Ako'y uupo tapos na po."***

Napangiti ka ano? Saan mo ba unang narining ang tulang ito? Sigurado ako narining mo na ito.

Ako, Oo bago kami turuan tumula noong nasa baitang apat iyan muna ang una kong natutuhan. Nagbibiruan pa nga kaming magkakaklase noon.

Kung hindi man, ito na ang magandang pagkakataon tuturuan kitang tumula sa ating paglalakbay.

May una muna akong pagsubok sa iyo.

A. Magpatulong sa isa sa mga miyembro ng inyong pamilya. Basahin nang salitan at unawain ninyong mabuti ang tula..

**Hambingang Magkatulad**

Ay naku, Pompong!
Kasimbagal mo ang pagong, Lagi kang naiiwan
Sa anumang lakaran.

Mas mabuti pa sa iyo si Muning Naiinis na ang kaniyang mga kuting.
Eh, ikaw tanghali na sa higaan,
Magkasingkupad kayo ni Kalakian!

Ugaling pangit sana'y iyong baguhin, Mas maraming tao sa iyo'y magigiliw.
Lalong mataas aking maaangkin, Higit na maunlad bukas na darating.

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na tanong batay sa inyong binasa. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Anong uri ng tula ang nasa itaas?
   A. tradisyonal
   B. malayang taludturan
   C. may sukat, walang tugma
   D. may tugma, walang sukat

2. Anong elemento ang nakapaloob sa tula?
   A. sukat
   B. tugma
   C. kariktan
   D. talinghaga

3. Alin sa mga sumusunod ang tema ng tula?
   A. pagkamaawain
   B. pagkamasinop
   C. pagkuukunwari
   D. pagkamaawain

4. Anong simbolismo ang makikita sa tula nangangahulugang katamaran?
   A. lakaran

B. higaan
C. magigiliw
D. ugaling pangit

5. Si Pompong ay bahagi ng tulang napabilang sa________
   A. tema
   B. tugma
   C. imahe
   D. persona

A. Basahin at unawaing mabuti ang kasunod na talata. Pagkatapos, piliin ang titik ng wastong sagotat isaulat sa sagutang papel.

Talata A

| |
|---|
| Ang pamilyang Pilipino ay isang napakahalagang institusyon. Sa gitna ng maraming suliranin, dapat umiral ang pagmamahalan, pagkakaisa at pagtutulungan upang lalong tumibay ang pagsasamahan ng isa't isa. Ano mang problema ang dumating, kailangang mapanatiling buo at matatag ang pamilya. Bukod dito biyaya ng Diyos ang ating pamilya kaya't patuloy mong ingatan |
| *https://lrmds.deped.gov.ph/detail/6854* |

Piliin ang letra ng tamang sagot sa mga sumusunod. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Alin sa mga sumusunod na pamagat ang angkop sa binasang talata?
   A. Ang Pamilyang
   B. Ang Pamilya Pilipino
   C. Ang Problema sa Pamilya
   D. Biyaya ng Diyos ang Pamilya

Talata B

| |
|---|
| Isa sa mga katangiang maipagmamalaki nating mga Pilipino ay ang mabuti nating pagtanggap sa mga panauhin. Kapag ang isang pamilya ay may inaasahang panauhin, bawat isa ay abala sa paghahanda. Sila'y naglilinis at nag-aayos ng kabahayan. Nagluluto ang pamilya ng masarap na pagkain at naghahanda ng maraming prutas at inumin. Pinagkakaabalahan din nila kung ano ang maipauuwing pasalubong ng panauhin. |
| *https://lrmds.deped.gov.ph/detail/6854* |

2. Alin sa mga sumusunod na pamagat ang paksang-diwa ng talata?
   A. Ang mga Pilipino ay mapagmahal.
   B. Ang mga Pilipino ay may kani-kaniyang pamamaraan.
   C. Ang mga Pilipino ay malikhain sa iba't ibang larangan.
   D. Ang mga Pilipino ay masigasig sa sining at mapagmahal sa kapuwa.

Talata C

Isa sa mga tradisyon nating mga Pilipino ay ang kapistahan. Ang bawat lugar sa ating bansa ay may kapistahang ipinagdiriwang bilang pasasalamat sa kanilang patron. Sa pagdiriwang na ito nakikita ang bayanihan. Ang ilan ay nag-aamabag-ambag para may panghanda sa mesa bilang pagpapatunay ng kanilang pagkamapagbigay at pagkamatulungin. Ang bayanihan ay ang pagtutulungan ng mga tao para sa isang gawain. May mga kababayan pa rin tayong sumusunod sa ganitong tradisyon lalo na sa mga lalawigan..

*https://lrmds.deped.gov.ph/detail/6854*

3. Alin sa mga sumusunod ang paksang pangungusap sa itaas?

   A. Isa sa mga tradisyon nating mga Pilipino ay ang kapistahan.
   B. Ang bawat lugar sa ating bansa ay may kapistahang ipinagdiriwang bilang pasasalamat sa kanilang patron.
   C. Ang bayanihan ay ang pagtutulungan ng mga tao para sa isang gawain.
   D. May mga kababayan pa rin tayong sumusunod sa ganitong tradisyon lalo na sa mga lalawigan.

**Talata D**



https://lrmds.deped.gov.ph/detail/1421

Si Melchora Aquino ay ipinanganak noong ika-6 ng Enero, 1821. Ang kanyang mga magulang ay sina Juan Aquino at Valentina Aquino. Noong kabataan niya ay madalas siyang maimbitahan sa kanilang parokya upang umawit lalung-lalo na sa mga araw ng pabasa. Hinirang rin siyang Reyna Elena ng Santakrusan. Kahit na walumpu't tatlong taon-gulang na si Tandang Sora, ito ay hindi naging hadlang sa kaniyang paglilingkod sa bayan. Lihim niyang tinulungan ang mga katipunerong maysakit at nagugutom.

*https://lrmds.deped.gov.ph/detail/6854*

4. Alin sa mga sumusunod ang ipinahahayag sa akda?
   A. kabuhayan ng isang tao
   B. buhay ng isang bayani
   C. kasaysayan ng bansa
   D. kinabukasan ng lipunan


5.Ang akda ay halimbawa ng ___________
   A. tula
   B. dula
   C. kuwento
   D. talambuhay

# Aralin 1 Pagsulat ng Maikling Tula, Talatang Nagsasalaysay at Talambuhay



Likas sa ating mga Pilipino ang pagiging romantiko. Isang magandang halimbawa nito ay ang panghaharana. Kapag nanliligaw ang mga lalake sa mga babae bumubuo ang mga ito ng awit. Inaalay ng mga lalake sa babaeng pinupuntahan sa kanilang bahay at inaawit ito. Pinapatunayan nito na talagang seryoso ang lalake sa panliligaw sa mga babae. Mas maganda kung tanungin natin ang ating mga lolo at lola o di kaya, ang iyong tatay at nanay kung nakaranas sila ng ganoon.

Sisikapin nating may makukuha tayong impormasyon tungkol sa nasabing karanasan.



## *Balikan*



Ngayon, alalahanin natin mula sa sagot ng ating nakausap na lolo/lola, o tanay/nanay tungkol sa paraan ng panliligaw sa kanilang kapanahunan. Malamang ang sinabi nila sa iyo na nakabuo sila ng awit dahil may INSPIRASYON sila. Totoo iyan makabubuo tayo ng isang awit kung mayroon tayong inspirasyon. Maaaring nagugustuhan o isang magandang pangyayari sa ating buhay. Pero siyempre bago pang maging awit, isinulat muna ito ng malaya at saka naging tula.

Balikan natin kung ano ang tula? Tungkol saan ang mga ito? Sige nga't hanapin natin sa loob ng *puzzle* ang maaaring paksa nito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | A | G | I | B | I | G | N | H | N |
| A | A | D | O | G | N | L | M | B | M |
| B | G | M | U | S | R | N | L | G | L |
| K | M | A | I | D | L | B | M | L | M |
| H | N | M | G | L | N | D | L | U | L |
| K | A | B | U | H | Y | Y | A | N | A |
| H | K | A | B | U | H | A | Y | A | N |
| K | A | I | B | I | G | A | N | S | S |
| K | A | R | A | N | A | S | A | N | N |

## ***Tuklasin***



Tara na't basahin mo ang tula at tingnan natin
kung makakakuha tayo ng inspirasyon dito.
Ang taong malusog, lubhang masayahin
Matalas ang isip at hindi sakitin
Katawa'y maganda at hindi patpati
Pagkat alam niya ang wastong pagkain
Lusog ng katawan na kinakain
Ang gulay at prutas, dapat na piliin
Sa dilis at gulay, sa puso ng saging
Lalakas ang buto, titibay ang ngipin

Panuto: Sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang tema ng tula?

_______________________________________________


2. Bakit kailangang kumakain ng wastong pagkain?

_______________________________________________

3. - 5Itala ang mabubuting resulta ng pagiging malusog?

_______________________________________________

## *Suriin*




**Tula**

Ang **panulaan o tula** ay isang uri ng sining at panitikan na kilala sa malayang paggamit ng wika sa iba't-ibang anyo at istilo. Pinagyayaman ito sa pamamagitan ng paggamit ng tayutay. Ang mga likhang panulaan aytinatawag na tula. Madaling makilala ang isang tula sapagkat karaniwan itong may batayan o *pattern* sa pagbigkas ng mga huling salita.

Ang **tula** ay nagpapahayag ng magagandang kaisipan at pananalita sa pamamagitan ng mga taludtod. Ang kalipunan ng mga taludtod ay tinatawag na taludturan o saknong. Ito ay nagpapahayag ng damdamin at kaisipan gamit ang maririkit na salita.

**Mga Anyo ng Tula**

Ang mga anyo ng tula ay maaaring i-uri sa apat na anyo – malayang taludturan, tradisyunal, may sukat na walang tugma, at walang sukat na may tugma.

1. **Malayang taludturan -** tulang hindi sumusunod sa bilang ng pantig, walang sukat at tugma o sintunog, *free verse poetry* ang tawag nito sa Ingles.

Halimbawa:

"***Pandesal sa Umaga***"

*Tuwing umaga si Nena ay nagtitinda,*
*Isang araw, mabibili din kita," sambit niya.* (google.com. brainly.ph)

2. **Tradisyunal –** nagtataglay ng magkakatugmang salita sa hulihan o dulo ng bawat taludtod o linya sa bawat saknong.

Halimbawa:
*Aling pag-ibig pa/ ang hihigit kaya Sa pagkadalisay/ at pagkadakila Gaya ng pag-ibig/ sa tinubuang lupa? Aling pag-ibig pa/ wala na nga, wala.*

May sukat na walang tugma - pareho ang bilang ng pantig sa bawat taludtod ngunit hindi magkakasintunog ang bawat dulo o walang tugma

Halimbawa:
*O, Laura kong maganda! Lagi kang nasa isip*
*Di man lamang nawaglit, Dahil ika'y inibig! -J. Guinoo*

3. **Walang sukat na may tugma-** iba-iba ang bilang ng pantig sa bawat taludtod subalit magkakasintunog ang huling bahagi ng bawat taludtod.

Halimbawa:
*Kay gandang pagmasdan,*
*Bughaw na kalangitan,*
*Paligid ay luntian,*
*Sadyang kaaya-ayang tingnan! -J. Guinoo*

**Mga Elemento ng Tula**

1. Sukat - tumutukoy sa bilang pantig sa bawat taludtod
2. Tugma – pagkakapareho ng tunog sa huling bahagi ng isang taludtod
3. Kariktan – maririkit na salita na ginagamit upang masiyahan ang mga mambabasa na kalimitang nagtataglay nang malalim o matalinghagang kahulugan
4. Talinghaga – mga salitang nagtataglay ng nakatagong kahulugan ng tula

**Mga Bahagi ng isang Tula**

1. Tema – ito ang paksa ng tula. Ito ay maaaring tungkol sa pag-ibig, nasyonalismo, kabayanihan, kalayaan, katarungan, pagmamahal sa kalikasan, Diyos, bayan at marami pang iba.
2. Tugma – ito ang pagkakahawig o pagkakapareho ng tunog ng huling salita sa bawat saknong.
3. Sukat – bilang ng pantig sa bawat taludtod

**Uri ng Sukat**

**a.** Wawaluhing pantig
**b.** Lalabindalawahing pantig
**c.** Lalabing-animang pantig
**d.** Lalalabingwaluhing pantig

**Sa pagsusuri ng tula, Mahalagang sangkap ang mga sumusunod:**

**Imahe o larawang-diwa** – tinatawag itong *imagery* sa Ingles. Ito ang mga salitang kapag binabanggit sa tula ay nag-iiwan ng malinaw at tiyak na larawan sa isipan ng mambabasa.

**Persona** – tumutukoy sa nagsasalita sa tula

**Tono** – ito naman ay ang namamayaning damdamin sa loob ng tula. Ito ay nangungutya, nagagalit, nagdaramdam, nagdadalamhati, naglalahad at natutuwa.

**Simbolismo** – ito ay mga makabuluhang salita na nagpapasidhi sa guniguni ng mga mambabasa. Mga ginagamit na bagay na may isinasaad na kahulugan. Halimbawa: puting tela – kalinisan**,** kalapati – kalayaan

**Talata**

Ang ***talata*** ay binubuo ng isang pangungusap o lipon ng mga pangungusap na naglalahad ng isang bahagi ng buong pagkukuro, palagay o paksang diwa.

Ang ***talatang nagsasalaysay*** ay binubuo ng mga pangungusap na naglalayong magkuwento ng karanasan, nabasa, nasaksihan, narinig o napanood.

Ito rin ay talatang nagsasaad ng mga pangyayari o karanasan upang makapagbigay ng damdamin sa mambabasa.

**Mga Katangian ng Mabuting Talata**

**1. May kaisahan**. Ang mga pangungusap ay umiikot lamang sa iisang diwa. Kailangang lahat ng pangungusap ay magkatulung-tulong na mapalitaw ang kaisipang nais palabasin.

Halimbawa

> May iba't ibang klase ng pamilya sa mundo. May pamilyang dalawa ang magulang, may ilan na isa lamang habang ang iba'y mahigit pa sa dalawa ang kinikilalang magulang. Samantalang may mga pamilyang may iisang anak lamang, ang iba'y higit pa sa isa habang ang ilan nama'y hindi nabiyayaan ng anak.

a. Ano ang pangunahing diwa o paksang pangungusap ng talata?

**Sagot: May iba't-ibang klase ng pamilya sa mundo**.

b. Anu-anong pangungusap ang sumusuporta sa pangunahing diwa?

- May pamilyang dalawa ang magulang, ang ilan ay isa lamang habang ang iba'y mahigit pa sa dalawa ang kinikilalang magulang.
- May mga pamilyang may iisang anak lamang, ang iba'y higit pa sa isa habang ang ilan nama'y hindi nabiyayaan ng anak.

Ang mga pangungusap sa talata ay naglalahad ng iba't ibang klase ng pamilya sa mundo. Samakatuwid, ang mga pangungusap na ginamit ay may kaisahan.

2. **May kaugnayan**. Kailangang magkakaugnay ang mga pangungusap upang magpatuloy ang daloy ng diwa mula sa simula hanggang sa katapusan ng pahayag. Balikan mo ang halimbawang talata. Magkakaugnay ba ang mga pangungusap? Tama, magkakaugnay ang mga pangungusap dahil ang mga ito ay sumusuporta sa pahayag ng pagkakaiba-iba ng pamilya sa mundo.

**3. Tama lang ang haba.** Ang mahusay na talata ay tama lang ang haba. Iwasan ang maikli at paudlot-udlot na talata, gayundin ang sobrang haba para maging kawili-wili sa mambabasa.

**4. May wastong mekanismo.** Ang mahusay na talata ay may wastong mekanismo sa pagsulat. Binibigyang pansin nito ang palugit, panipi sa diyalogo, wastong baybay, paggamit ng malaki at maliit na titik, gitling at iba pa.

Dapat may pasok o indensiyon sa panimula ng talata. Ito ay dapat isang pulgada (*1 inch*) mula sa palugit (*margin*) kung sulat kamay o limang espasyo kung makinilyado.

Kung may diyalogo, dapat nakabukod o hiwalay sa talata upang makita ang palitan ng salitaan. Ihiwalay sa punong talata ang pagsulat ng tuwirang sipi (*direct quotation*)

**Mga Bahagi ng Talata**

**1.** Panimulang Pangungusap o Introduksiyon. **Ang isang mabuting panimulang pangungusap ay nagtataglay ng mga sumusunod na katangian**

a. Sinisimulan ang talata
b. Tumatawag ng pansin sa bumabasa
c. Nagpapahiwatig ng nilalaman ng talata
d. Humihikayat sa bumabasa para magtanong tungkol sa paksa

2. **Gitnang Pangungusap o Katawan.** Ang mga pangungusap na magkakaugnay na sumusunod sa panimulang pangungusap.

3. **Pangwakas na Pangungusap o Konklusiyon.** Ang pangungusap na ito ang nagbibigay ng huling detalye, buod ng talata o maaaring nagbibigay ng opinyon sa paksa ng talata.

Ang talata ay maaaring buoin ng isang pangungusap lamang.

Halimbawa ng talatang nagsasalaysay:

**Pistang-Bayan**

Napakasaya ng pistang-bayan sa aming lalawigan. Tatlong araw bago pa man dumating ang araw ng kapistahan ay pinaghahandaan na ang pagdiriwang na ito. May mga tugtugan, awitan, sayawan at iba't ibang palaro. May parada pa na pinangungunahan ng banda. Kasama sa parada ang mga naggagandahang dalaga na nakasakay sa karwahe.

Sa ikatlong araw ay may misang-bayan. Ang mga tao ay sabay-sabay na nagpupunta sa simbahan upang magpapasalamat sa mga biyayang natanggap. Sila rin ay nagdadasal sa Mahal na Patron para sa kapayapaan sa aming lugar.

Ang bawat tahanan ay may mga handang masasarap na pagkain. Mangyari, ang iba't ibang bisita mula sa ibang lugar ay masisiyahan, kaya

Ang **talambuhay** ay salaysay ng mga pangyayari sa buhay ng isang tao, mula sa kaniyang kapanganakan hanggang sa kasalukuyan, o hanggang sa kaniyang kamatayan. Inilalahad sa talambuhay kung paano napagtatagumpayan ng tao ang mga hamon na kaniyang pinagdaanan.

Sa pagsulat ng talambuhay, maaaring ilagay ang sumusunod na mga detalye:

- Pangalan:
- Kapanganakan: (Kailan at saan siya ipinanganak?)
- Pamilya: (Mga magulang, kapatid, asawa, anak at iba pa?)
- Edukasyon: (Saan siya nag-aral? Kursong natapos?)
- Trabaho: (Saan siya nagtatrabaho?)
- Mga Hamon at Tagumpay: (Hamon sa buhay? at Paano ito hinarap?

Basahin ang halimbawa ng talambuhay:

**Cayetano Arellano: Ang Talambuhay**

Si Cayetano Arellano ay ipinanganak sa Orion, Bataan noong Marso 2, 1897. Sa gulang na limang taon, isinama siya ng isang paring Dominiko sa Maynila. Ginawa siyang katulong sa Colegio de San Juan de Letran upang makapag-aral.

Dahil sa taglay na talino, laging nangunguna si Cayetano sa kaniyang mga kaklase na pawang anak-mayaman. Marunong magbadyet si Cayetano ng kaniyang mga oras sa mga gawain at sa pag-aaral.

Sa gulang na 15 taon ay natapos niya ang *Bachelor of Philosophy* sa Letran. Nakuha niya ang *Bachelor of Law* noong 1975 sa Unibersidad ng Santo Tomas. Noong 1899 ay nahirang siyang Punong Hukom ng Korte Suprema ng dating Pangulong William McKinley. Ipinadala siya sa isang panayam ng mga hukom mula sa iba't ibang bansa noong 1904. Napagkaisahan nilang ganapin ang *International Congress of Jurist sa St. Louis.*

Sa mesang kaharap ni Cayetano sa loon ng pulungan at nakasulat ang bansang kaniyang kinatawan – Amerika. Nagtataka ang mga delegadong naroon. Si Cayetano ay may kayumangging balat na may katamtamang laki ng pangangatawan. Ang inaasahan ng mga delegado ay isang hukom na Amerikano.

Malaki ang paghanga at pagtitiwala ng dating Pangulong Theodore Roosevelt ng Amerika kay Cayetano. Siya ay pinili pagkat balita hanggat Amerika ang kaniyang pambihirang katalinuhan lalo na sa kaalaman ng batas.

Nang magsalita si Cayetano sa pulong na iyon ay nagtatanong muna siya, "Anong wika ang nais ninyong gamitin ko? Espanyol? Latin? Ingles?" Ginamit niya ang wikang Latin pagkat maraming delegado ang nakauunawa nito. Walang patid na palakpakan ang iginanti sa kaniyang talumpati. Pinakamaganda at pinakamalaman ang kanilang narinig.

Noon din ay nakilala ang Pilipinas sa buong mundo dahil kay Cayetano Arellano. Itinuring siyang isang pinakadakilang hukom na Pilipino.

Pinatunayan ni Cayetano Arellano na ang kahirapan ay hindi hadlang sa pag-aaral.

## *Pagyamanin*

Tiyak kong lalo mo nang naunawaan kung papaanong bumuo ng epektibong talata, tula at talambuhay.

**Gawain 1**
Panuto: Sumulat ng isa o dalawang saknong na tula tungkol sa paksang nais mo. Pumili lamang ng isa sa mga uri ng tula. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| |
|---|
| Malayang taludturan<br>Tradisyunal<br>May sukat na walang tugma<br>Walang sukat na may tugma |

____________________
Pamagat

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

**Gawain 2**
Panuto: Sumulat ng isa o dalawang talatang nagsasalaysay tungkol sa paksang nais mo. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

____________________
Pamagat

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

**Gawain 3**
Panuto: Isulat ang iyong talambuhay. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

____________________
Pamagat

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________



## *Isaisip*

Ngayon, alalahanin natin!
Punan ng wastong impormasyon ang sumusunod na talahanayan.
A.

| MGA ARALING AKING NATUTUHAN | |
|---|---|
| ANO-ANO ANG MGA NATUTUHAN KO SA MGA SUMUSUNOD? | GAANO ITO KAHALAGA? |
| A. TULA | |
| B. TALATA | |
| C. TALAMBUHAY | |

B. Punan ang patlang ng nawawalang salita upang mabuo ang diwa ng mga pahayag. Isulat ang sagot sa sagutang papel

1. Ang____________ay akdang naglalarawan ng madamdaming pahayag at binibigkas nang masining o puno ng damdamin. Hindi ito katulad ng ibang akdang tuloy-tuloy na isinusulat o binabasa. Ito ay maaaring may sukat o malayang taludturan.

2. Ang___________ay binubuo ng isang pangungusap o lipon ng mga pangungusap na naglalahad ng isang bahagi ng buong pagkukuro, palagay o paksang diwa.

3. Ang___________ay binubuo ng mga pangungusap na naglalayong magkuwento ng karanasan, nabasa, nasaksihan, narinig o napanood.

4. Ang _____________ ay isang anyo ng panitikang nagsasaad ng kasaysayan, impormasyon, mga tala at pangyayaring hango sa tunay na buhay ng isang tao.

# *Isagawa*

Basahin at unawaing mabuti ang nakalahad na talambuhay. Pagkatapos punan ng wastong impormasyon ang kahon sa gawing ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Ang Dakilang Paralitiko: Talambuhay**

Taga-Tanauan, Batangas ang tinaguriang Dakilang Paralitiko at Utak ng Katipunan. Si Apolinario Mabini ay pangalawa sa walong anak nina Inocencio Mabini at Dionesia Maranan. Ipinanganak siya noong Hulyo 23, 1864.

Hindi naging hadlang ang kahirapan ng kanilang pamilya upang magtagumpay siya sa pag-aaral. Taong 1887 nang makatapos siya ng kursong edukasyon at abogasiya ng taong 1894. At naging ganap na abogado noong 1895.

Nagkasakit siya ng *polio* na naging sanhi ng kaniyang pagiging paralitiko. Ngunit katulad ng kahirapan, hindi ito naging hadlang upang magsilbi sa bayan at sa kaniyang kapwa Pilipino.

Naging matapat at mabuti siyang tagapayo ni Emilio Aguinaldo sa panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano. Isa siya sa naging instrumento sa pagkakatatag ng sistemang politikal sa bansa, ang pagtatag ng barangay, munisipyo, lalawigan at pagkakatatag ng hudikatura sa bansa. Siya rin ang Punong Ministro ng bansa nang magsama- sama ang mga rebolusyonaryo sa Malolos, Bulacan. At dahil dito, tinagurian siyang “Utak ng Rebolusyon”.

Nagsulat si Mabini ng mga artikulo na humihingi ng pagbabago sa mga Amerikano na naging dahilan ng kaniyang pagkakabilanggo noong Setyembre 10, 1899. Nang mapalaya noong Setyembre 20, 1900, ipinagpatuloy niya ang kaniyang pagsusulat sa isang lokal na pahayagan at nanirahan sa Nagtahan, Maynila. Dahil sa kaniyang mapangahas na mga artikulo, tuluyan siyang ipinatapon ng mga Amerikano sa Guam noong Enero 5, 1901. Ngunit sa labis na pagmamahal at pagmamalasakit sa bayan, bumalik siya sa bansa at napilitang mangako ng katapatan sa Amerika noong Pebrero 26, 1903.

Namatay siya noong May 13, 1903, sa edad na 39 dahil sa sakit na kolera.

| | |
|---|---|
| Tao | |
| Petsa at araw ng kapanganakan | |
| Pangyayari sa kaniyang kabataan | |
| Edukasyon | |
| Pangyayari sa kanyang paglaki | |
| Naiambag sa Pilipinas | |

## *Tayahin*

**A**. Sumulat ng isang tula na binubuo ng apat (4) na taludtod kung saan ang bawat taludtod ay may labindalawang (12) pantig. Gawing gabay ang pamantayan sa ibaba. Gawin ito sa sagutang papel.

**B**. Sumulat ng isang talatang nagsasalaysay tungkol sa iyong masayang karanasan. Gawing gabay ang rubrik sa ibaba.

**Rubriks sa Pagsulat ng Talatang Nagsasalaysay**

| **Napakahusay (4)** | **Mahusay (3)** | **Mahusay-husay (2)** | **Kailangan pang Magsanay (1)** |
|---|---|---|---|
| May kaisahan ang mga pagsasalaysay. | May kulang para sa kaisahan ang mga pagsasalaysay. | May kaguluhan kaya kulang sa kaisahan ang mga pagsasalaysay. | Walang Kaisahan ang mga pagsasalaysay. |
| Magkakaugnay ang lahat ng detalyeng sumusuporta sa kaisipan o paksa. | May ilang detalye na hindi kaugnay ng kaisipan o paksa. | Hindi gaanong magkakaugnay ang mga detalye kaya may kalabuan ang kaisipan o paksa. | Hindi magkakaugnay ang mga detalye kaya hindi tiyak ang kaisipan o paksa. |
| Napakahusay at napakalinaw ng mga pagsasalaysay. | Mahusay at malinaw ang mga pagsasalaysay. | May kalabuan ang ilang pagsasalaysay. | Malabo ang pagsasalaysay. |
| Sapat ang detalye at angkop ang mga salita/pangungusap na ginamit sa pagbuo ng talata. | May sapat na detalye ngunit kulang ang salita/ pangungusap na ginamit sa pagbuo ng talata. | Maligoy ang mga detalye at may mga salita/pangungusap na hindi angkop sa talata | Walang gaanong detalye at hindi angkop ang mga salita/ pangungusa. |
| Malinis at maayos ang pagkakasulat ng talata. | Maayos ang pagkakasulat ng talata. | Kulang sa linis at ayos ang pagkakasulat ng talata. | Magulo at marumi ang pagkakasulat ng talata. |

| **Puntos** | **Kahulugan** | **Puntos** | **Kahulugan** |
|---|---|---|---|
| 18-20 | Napakahusay | 8-12 | Mahusay-husay |
| 13-17 | Mahusay | 5-7 | Kailangan pang Magsanay |

**C**. Pumili ng isang tao na iyong hinahangaan dahil sa kaniyang katatagan sa pagharap sa problema sa buhay. Sumulat ng talambuhay na may pito hanggang sampung pangungusap na naglalaman ng sumusunod na detalye tungkol sa kaniya. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Pangalan
2. Kapanganakan (Lugar at Petsa)
3. Pamilya (mga magulang at kapatid)
4. Pag-aaral
5. Trabaho
6. Mahalagang Pangyayari sa Buhay

**Rubriks sa Pagsulat ng Talambuhay**

| | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| NILALAMAN<br>- Pagsunod sa uri at anyo ng hinihingi<br>- Lawak at lalim ng pagtalakay | | | | | |
| BALARILA<br>- Wastong gamit ng wika/salita<br>- Baybay, bantas, estruktura ng mga pangungusap | | | | | |
| ORGANISASYON<br>- Lohikal na pagkakaayos/daloy ng mga ideya<br>- Pagkakaugnay ng mga ideya | | | | | |

5 - pinakamahusay
4 - mahusay
3-katanggap-tanggap
2 - mapaghuhusay pa
1 - nangangailangan pa ng mga pantulong na pagsasanay

# *Karagdagang Gawain*



Magaling at kinaya mo!

Kung mayroon ka mang kamalian, muli mong balikan ang iyong mga naging kasagutan at pagbalik-aralan mo ito upang maunawaan kung bakit iyon ang tamang kasagutan.

Muli mong sagutin ang inihanda kong gawain upang mapalawak pang lalo ang iyong kaalaman.

Halo letra:

Ayusin ang mga sumusunod na letra sa hanay A upang mabuo sa hanay B. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| A | B |
|---|---|
| 1. mablayuhat | ______________________________ |
| 2. ulta | ______________________________ |
| 3. altata | ______________________________ |
| 4. taltanag agysnsalayasa | ______________________________ |

# Susi sa Pagwawasto

**SUBUKIN**

| A. | B. |
|---|---|
| 1. A | 1. D |
| 2. C | 2. B |
| 3. A | 3. B |
| 4. B | 4. B |
| 5. D | 5. D |

**BALIKAN**

Maaaring hindi maggasuno-sunod
Pag-ibig (pagibig)
Pamilya
Kaibigan
Kabuhayan
karanasan

**TUKLASIN**

1. Mabuting pangangatawan
2. Upang maging malusog
3. Matalas ang isip
4. Lalakas ang buto
5. Titibay ang ngipin

**PAGYAMANIN**

Nakadepende sa sagot ng mga mag-aaral ang iskor para sa Gawain 1, 2, at 3

**ISAISIP**

A
NAKADEPENDE SA SAGOT NG MGA MAG-AARAL ANG PAGBIBIGAY NG ISKOR
B.
1. tula 2.talata 3. talatang nagsasalaysay 4. talambuhay

**ISAGAWA**

Ibabatay sa rubriks ang sagot ng mag-aaral

**TAYAHIN**

Ibabatay sa rubriks ang sagot ng mag-aaral

**KARAGDAGANG GAWAIN**

1. talambuhay
2. tula
3. talata
4. talatang nagsasalaysay